Matalinong Paggamit ng *Data Roaming Day Pass*

Dahil sa lalo pang nadadagdagang popularidad ng mga *smart phone* at iba pang mga *wireless device*, naging napakadali na para sa ating lahat ang dalahin ang mga ito kahit kailan kapag pumupunta tayo sa ibang bansa upang manatiling konektado at nalilibang. Gayunpaman, maging alerto sapagkat ang mga singil ng mga serbisyong *data roaming* ay mas mataas kaysa sa mga lokal na *data*, at ang mekanismo ng pagpapataw ng sisingilin ay talaga namang mas kumplikado. Upang maiwasan ang pagkakaroon ng mga hindi inaasahang matataas na singil habang ikaw ay bumibiyahe, maaari mong isaalang-alang na mag-*subscribe* sa *data roaming day pass* ("*day pass*") bago ka umalis ng Hong Kong.

Ang *day pass* ay isang pang-araw-araw na planong may *flat-rate*, na kadalasan ay nagkakahalaga ng mababa pa sa HK$200 kada araw para sa paggamit ng *mobile data*. Habang ang mga operator ay nagpapairal ng iba't-ibang mga restriksyon at kondisyon sa paggamit ng *day pass*, mahalaga na gawin mo ang mga kinakailangang pagtatanong at paglilinaw bago bumili ng isang *day pass* na pinaka-akma para sa iyong mga pangangailangan. Kung may duda, kailangang linawin mo sa ito sa mga operator ng iyong serbisyo. Kahit pa nakuha mo na ang iyong *day pass*, kailangang isa-isip mo ang mga restriksyon ng serbisyo. Sa partikular, kailangang tandaan mo ang mga sumusunod:

Magagamit lamang sa mga itinalagang destinasyon at network

- Ang mga *package* ng paggamit ng *data* ay magagamit lamang sa mga itinalagang destinasyon ***at*** *network*. Kailangang alamin mong mabuti kung aling mga bansa ang kasali sa lista (at hindi kasali), at tiyakin na ang *day pass* na iyong binili ay magagamit sa iyong mga destinasyon. Kailangang tiyakin mo rin na palagi kang naka-*log* sa itinalagang *network* sa bansang binisita. Kung hindi, ang halaga ng *data roaming* na mas mataas talaga ang sisingilin.

May mga karagdagan bang singil na ipinapatong sa ilang mga serbisyo

- Kailangang basahin mong mabuti ang mga tadhana at kondisyon ng mga uri ng serbisyong kasama sa *day pass* at kung may mga karagdagan bang singil na ipinapatong sa ibang mga serbisyo.

Kumpirmahin ito sa operator ng iyong serbisyo kung may duda.

Mag-ingat sa "network switching"

- Kung ang iyong *handset* o *wireless device* ay nakahanda nang piliin ang *network* na "*automatic*", maaari kang makaranas ng "*network switching*". Mangyayari ito kapag mahina ang signal ng konektadong *network*, at ang iyong *handset* o *wireless device* ay awtomatikong kumokonekta sa iba pang mga itinalagang *network* na may mas malakas na signal. Upang maiwasan ang masingilan ng malalaking halaga dahil sa *data roaming* na dulot ng naturang "*network switching*", kailangang ihanda mo ang iyong *handset* na ang piliin ay *manual network* upang ang koneksyon ay manatili sa itinalagang *network* lamang.

  Ang mga pamamaraan sa pagpili ng *manual network* ay maaaring magkaiba-iba sa iba't ibang mga modelo. Sa pangkalahatan, maaari mong sundin ang mga hakbang sa ibaba:

  1. Pumunta sa "*Settings*" *menu*.
  2. Piliin ang "Operator" o "*Network*" *sub-menu*.
  3. Piliin ang '*Manual Network'* para ito ang piliin ng iyong itinalagang *network*.
  4. I-*save* ang napiling itinalagang *network* sa iyong *handset* o *wireless device*.
  5. Kailangang mabasa mo sa *screen* ng iyong *handset* o *wireless device* na matagumpay kang naka-konekta sa itinalagang *network*. Kailangang palagi kang nag-momonitor nito upang matiyak na ang *handset* o *wireless device* ay manatiling konektado sa itinalagang *network*.

Pagbibiyahe sa mga" Border Areas" o Hangganan ng mga Bansa

- Kailangang maging maingat ka kapag bumibiyahe nang malapit sa mga "*border areas*" o hangganan ng ibang bansa. Dahil sa pag-apaw ng mga *radio signal* sa naturang *border* o hangganan ng mga bansa, ang iyong *handset* ay maaaring awtomatikong lumipat sa *network* ng bansa na may mataas na signal, na maaaring hindi kasama sa listahan ng mga itinalagang destinasyon o *network* ng *day pass*. Makabubuti para sa iyo na i-monitor mo ang iyong *handset* nang maya't-maya

kapag bumibiyahe ka sa mga *border areas* o hangganan ng mga bansa. Ang ganitong katulad na paglipat-lipat ng mga *network* ay maaaring mangyari sa mga kalapit-bansang Zhuhai at Macau. Muli, mahigpit na ipinapayo sa iyo na ihanda ang iyong *handset* o *wireless device* na ang piliin ay *manual network* upang matiyak na mananatili itong konektado sa itinalagang *network*.

Alamin ang panahon ng paggana (activation) at panahon ng cut-off ng serbisyo

- Kailangang palagi kang alerto sa pamamaraan ng pagpapagana (*activation*) ng serbisyo at sa panahon ng *cut-off* ng iyong *day pass*. Sa pangkalahatan, maaaring paganahin ang serbisyo pagkatapos lamang na makumpirma mo na ito sa operator ng iyong serbisyo sa pamamagitan ng isang maiksing mensahe, at ang operator naman ng iyong serbisyo ay nagpasabi sa iyo na matagumpay nang napagana ang serbisyo. Kailangang linawin mo sa operator ng iyong serbisyo kung ang serbisyo ba ay agad na gagana, o kung mayroon bang panahong lilipas muna pagkatapos mong makapagkumpirma. Kung ang huling nabanggit ang mangyayari, kailangang huwag mo munang gamitin ang iyong *handset* o *wireless device* hangga't hind ka pa napapasabihan na ang serbisyo ay napagana na.

  Habang maaaring tanggapin ng operator ng iyong serbisyo ang iyong kumpirmasyon ng paggana ng serbisyo ng *day pass* kahit pa wala ka sa isang itinalagang destinasyon, ang iyong *day pass* ay magagamit lamang kapag ikaw ay nasa isang itinalagang destinasyon at konektado na sa isang itinalagang *network*. Kung hindi, sisingilin ka ng *data roaming* na talaga namang mas mataas pa.

Alamin ang depinisyon ng "isang araw" sa pagkakalkula ng mga singil sa data roaming

- Ang depinisyon ng "isang araw" ay maaaring magkaiba-iba sa iba't ibang mga *package*. Ang "isang araw" ay maaaring bilangin batay sa oras sa kinaroroonang lugar (00:00 – 23:59) sa Hong Kong, o sa oras sa pupuntahang destinasyon. Ang mga pang-araw-araw na singil ay maaari ring k'wentahin batay sa kada destinasyon. Halimbawa, kung bumibiyahe ka mula sa UK papuntang France sa loob ng kaparehong araw, at sa lahat ng panahong ito ay serbisyong *mobile data* ang

iyong ginagamit, maaari kang singilan ng operator ng serbisyo nang doble sapagkat nakarating ka na sa dalawang destinasyon sa kaparehong araw.

Pagpapahinto sa serbisyong data roaming

- Kung hindi mo naman nakikini-kinita na kakailanganin mo ang serbsiyong *mobile data roaming* habang bumibiyahe sa ibang bansa, patayin mo na lamang (*deactivate*) ang *mobile data roaming* na ito ng iyong mga *smart phone* at *wireless device*.

Tanggapan ng Awtoridad sa Komunikasyon
1 Abril 2012